# TAMANG IMPORMASYON PARA SA TAMANG DESISYON

*by:*
**Marlon D. Pizarro**
*Teacher III, Nagwaling Elementary School*

Ang paglaganap ng modernong teknolohiya ay maraming magandang kontribusyon sa ating lipunan. Subalit kapag ang teknolohiya ay hindi nagamit sa tamang paraan, ito ay may kaakibat na hindi magandang kahihinatnan.

Pinaniniwalaan ng mga eksperto na ang paglaganap ng internet at social networking sites ay ilan sa mga dahilan kung bakit nagsusulputan ang mga pekeng balita o mas kilala sa terminong "fake news".

Sa isinagawang survey ng Massachusetts Institute of Technology, lumalabas na ang mga palsipikadong balita ay higit na pinaniniwalaan ng mambabasa kaysa totoong balita. (Pedroche, 2018).

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Isa sa maaaring dahilan ay ang kakulangan sa panunuri ng impormasyong nakita o nabasa, kaya agad itong pinaniniwalaan. Ang fake news, kapag hindi nasuri, ay nagdudulot ng pagkalito o kaguluhan.

Halimbawa na lamang, paminsan-minsan ay may mga post tungkol sa pag-suspinde ng klase kahit ito ay walang katotohanan.

Para makaiwas na mabiktima ng fake news, dapat ay ugaliing suriin ang source o pinagmumulan ng impormasyon bago ito paniwalaan.

Maaari ring humanap ng iba pang impormasyon at maging ng source para maipagkumpara ang mga ito.

Kung ang balita ay nagmula sa mga pinagkakatiwalaang source, malaki ang posibilidad na ito ay may katotohanan o mas kilalang tawagin ng mga netizens sa terminong “legit”.

Laging tandaan na ang tamang impormasyon ay ating magagamit upang makagawa ng tamang desisyon.

*References:*

ence
Pedroche, A. G. (2018, March 16). Fake news! Philstar.com. https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/bansa/2018/03/17/1797506/fake-news

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan